



LIBRE O BINAWASANG PRESYO NG PANGANGALAGA NG KALUSUGAN SA PAMAMAGITAN NG MGA PROGRAMANG PANGANGALAGA NG KAWANGGAWA

Kung hindi ninyo kayang bayaran ang inyong mga bayaring medikal sa ospital, maaari kayong maging kuwalipikado na hindi bayaran ang bahagi o lahat ng bayarin bilang Pangangalaga ng Kawanggawa sa ilalim ng batas na Mga Patakaran ng Patas na Pagpepresyo ng Ospital ng California (California's Hospital Fair Pricing Policies).¹

ANO ANG PANGANGALAGA NG KAWANGGAWA?

Umiiral ang Pangangalaga ng Kawanggawa upang tulungan ang mga pamilyang maiwasan ang mga kagipitan sa pananalapi at gumagana upang tumulong sa pagtukoy ng kuwalipikasyon ng mga taga-California na hindi kayang magbayad ng mga bayaring nauugnay sa kanilang pangangalaga sa ospital. May magkakaibang pangalan ang mga ospital para sa Pangangalaga ng Kawanggawa, gaya ng, “patakaran sa diskuwento,” “patakaran sa tulong pinansyal,” “(mga) programa sa medikal na tulong pinansyal” “patakaran na sliding scale” o, “patakaran na bridge assistance.”

SINO ANG KUWALIPIKADO PARA SA PANGANGALAGA NG KAWANGGAWA?

- **Mga pasyenteng walang insurance:** Hinihingi na ngayon ng batas ng California sa mga ospital na magbigay ng libre o may diskuwentong pangangalaga sa mga pasyenteng walang insurance na kumikita ng hanggang 400% ng pederal na antas ng kahirapan. Maaari kang maging kuwalipikado kung kumikita ka ng \$4,530 kada buwan para sa isang tao o hanggang \$9,250 kada buwan para sa isang pamilya na may apat na miyembro sa 2022.
- **Mga pasyenteng may insurance:** Maaaring maging kuwalipikado ang mga taong may insurance para sa mga diskuwento kung kayo ay: (1) kumikita ng hanggang 400% ng pederal na antas ng kahirapan (\$4,530 kada buwan para sa isang tao o hanggang \$9,250 kada buwan para sa isang pamilya na may apat na miyembro sa 2022), at (2) nakaranas ng mga medikal na gastusin na mula sa sariling bulsa sa naunang 12 buwan na lampas sa 10% ng inyong kita.
- **Mga pasyente anuman ang katayuan ng Pandarayuhan:** Hindi nakaaapekto ang katayuan ng pandarayuhan ng isang pasyente sa kuwalipikasyon para sa Pangangalaga ng Kawanggawa. Maaaring hilingin ng ospital ang katibayan ng inyong pinansyal na kalagayan—gaya ng mga stub ng suweldo, mga benepisyo sa Social Security, o dokumentasyong mula sa isang lokal na ahensya ng mga serbisyong panlipunan—pero upang tasahin lang ang kuwalipikasyong pinansiyal.

PAANO AKO MAG-A-APPLY PARA SA PANGANGALAGA NG KAWANGGAWA?

Para tingnan ang patakaran ng isang ospital sa Pangangalaga ng Kawanggawa at mga tuntunin ng aplikasyon, bisitahin ang website ng inyong ospital o kumonsulta sa website ng Kagawaran ng Pag-access at Impormasyon sa Pangangalaga ng Kalusugan ng California (Health Care Access and Information, HCAI) sa <https://syfphr.hcai.ca.gov/FacilityList.aspx>, na kasama ang mga inilathalang patakaran at aplikasyon, magagamit ayon sa county, sa format na maaaring hanapin. Kung wala kayong access sa website ng ospital, tumawag sa main switchboard ng ospital at hingin sa billing office na humiling ng kopya ng patakaran at aplikasyon ng ospital sa Pangangalaga ng Kawanggawa.

1 Code ng Kalusugan at Kaligtasan, §§ 127400 – 127446.



ANO-ANO ANG AKING MGA KARAPATAN SA ILALIM NG PATAKARAN NG PANGANGALAGA NG KAWANGGAWA NG ISANG OSPITAL?

- May karapatan kayong humiling ng tulong sa pagbabayad sa pamamagitan ng patakaran ng Pangangalaga ng Kawanggawa ng isang ospital kahit mayroon kayong insurance sa kalusugan.
- May karapatan kayong humiling ng tulong sa pagbabayad sa pamamagitan ng patakaran ng Pangangalaga ng Kawanggawa ng isang ospital kahit wala kayong dokumento. Gayunman, maaaring hilingin ng ospital ang mga dokumento para ipakita ang inyong kuwalipikasyon ng kita gaya ng mga stub ng suweldo, mga pahayag ng bangko, binayarang buwis, at/o makatuwirang dokumentasyon ng mga ari-arian.
- May karapatan kayong makatanggap ng sulat para sa patakaran at aplikasyon sa Pangangalaga ng Kawanggawa ng isang ospital sa inyong sariling wika. Hinihingi rin ng batas ng California sa mga organisasyon ng pangangalaga ng kalusugan na magbigay sa mga pasyente ng makabuluhang access sa mga serbisyong pangwika, kasama ang mga interpreter.
- May karapatan kayong makatanggap ng nakasulat na pagtaya ng halaga na hihingin ng ospital sa isang taong walang insurance sa kalusugan na bayaran ang mga serbisyo, pamamaraan, at supply sa pangangalaga ng kalusugan na makatuwirang inaasahang maibibigay.
- May karapatan kayong makipag-ayos ng pinalawig na plano ng pagbabayad para bayaran ang paggamot sa inyo kung kuwalipikado kayo para sa Pangangalaga ng Kawanggawa.
- May karapatan kayong makatanggap ng karaniwang buod ng inyong mga karapatan sa ilalim ng programang Pangangalaga ng Kawanggawa sa inyong bayarin sa ospital.

PAANO KUNG LAMPAS NA SA TANING ANG AKING MGA BAYARIN SA OSPITAL?

Ilalapat ang mga patakaran ng pangangalaga ng kawanggawa kahit huli na ang inyong pagbabayad. Kung lampas na sa taning ang inyong bayarin o ipinadala sa isang ahensya ng koleksyon, lumapit sa provider ng serbisyo sa paniningil ng ospital at humiling ng aplikasyon sa Pangangalaga ng Kawanggawa. Kung kuwalipikado kayo para sa Pangangalaga ng Kawanggawa para sa ilan o lahat ng lampas sa taning na bayarin, may karapatan kayong makatanggap ng refund kung siningil kayo nang labis o ayusin ang isang plano ng pagbabayad na hindi hihigit sa 10% ng kita ng inyong pamilya sa isang buwan.

PAANO KUNG TINANGGIHAN ANG AKING APLIKASYON SA PANGANGALAGA NG KAWANGGAWA?

Kung tinanggihan kayo para sa Pangangalaga ng Kawanggawa, maaari ninyong hingin sa ospital na muling isaalang-alang ang pagtanggap. Makipag-ugnayan sa billing office ng Ospital at humiling ng apela ayon sa itinakda sa patakaran.

SAAN KO ISUSUMBONG ANG PAGLABAG NG OSPITAL SA MGA BATAS NG PANGANGALAGA NG KAWANGGAWA NG CALIFORNIA?

Isumbong ang mga paglabag sa batas ng California sa Mga Patakaran sa Patas na Pagpepresyo ng Ospital sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health, CDPH), Dibisyon sa Pagbibigay ng Lisensiya at Sertipikasyon sa pamamagitan ng web portal ng *Reklamo laban sa isang Pasilidad/Provider ng Pangangalaga ng Kalusugan*, direkta sa online sa Dibisyon ng Pagbibigay ng Lisensiya at Sertipikasyon, na makikita sa link [dito](#).

Inilabas itong alerto sa konsyumer ng Seksyon ng mga Karapatan at Access sa Pangangalaga ng Kalusugan (Healthcare Rights and Access, HRA) ng Kagawaran ng Katarungan ng California. Nakikipagtulungan nang maagap ang HRA para dagdagan at pangalagaan ang pagiging abot-kaya, naa-access, at kalidad ng pangangalaga ng kalusugan sa California. Sinusubaybayan at nag-aambag ang mga abogado ng HRA sa iba't ibang larangan ng gawain sa pangangalaga ng kalusugan ng Attorney General, kasama ang mga karapatan ng konsyumer; konsolidasyon ng pagpigil sa kumpetisyon sa merkado ng pangangalaga ng kalusugan; pagpepresyo ng gamot na pinipigil ang kumpetisyon; mga transaksyon sa pangangalaga ng kalusugan na hindi pangkalakal; mga usapin sa pagkapribado; mga karapatang sibil, gaya ng mga karapatan sa reproduksyon at mga karapatang may kaugnayan sa pangangalaga ng kalusugan ng LGBTQ; at gawain sa pampublikong kalusugan kaugnay ng tabako, mga e-cigarette, at iba pang produkto.